

## 1. Abiso sa Bayarin sa Property Taxes.

Sa buwan ng Mayo, ang buwis sa mga ari-arian ay dapat bayaran.

Kung nagmamay-ari ng sasakyan ay makakatanggap ng abiso mula sa tax office ukol sa automobile tax o light motor vehicles tax. Kung nakatanggap ng sobre na ito ay mangyaring tignan ang dokumentong nasa loob.

Ang automobile tax ay dapat bayaran ng sinuman na nagmamay-ari ng sasakyan simula sa umpisa ng Abril ng bawat taon. Ang buwis na ito ay binabayaran sa Tochigi prefectural government. Ang light motor vehicle tax naman ay binabayaran ng mga nagmamay-ari ng motorsiklo o light o “kei” vehicles at ang buwis naman na ito ay mapupunta sa lungsod ng Tochigi.

Ang bayarin na ito ay may deadline hanggang sa katapusan ng Mayo. Kunin ang nakalakip na bill sa loob ng sobre at bayaran sa mga convenience stores, sa banko o post office hanggang sa nakasaad na takdang petsa. Bilang karagdagan, ang mga nagmamay-ari ng lupa at bahay mula sa umpisa ng taon sa Tochigi City ay makakatanggap din ng abiso sa tax office para sa bayarin ng property tax o city planning tax. Ang property tax ay ipinapataw sa mga nagmamay-ari ng bahay o lupa sa lungsod. Makakatanggap ng abiso sa tax office para sa bayarin ng property tax o city planning tax. Ang city planning tax ay ginagamit sa pagpapalano at pagsasa-ayos sa mga lupa ng lungsod. Ang buwis na ito ay binabayaran sa pamahalaang lungsod.

Bayaran natin ang ating buwis sa takdang panahon.

## 2. Ang Pagsasabatas ng Tochigi Prefecture ng Ordinansa ukol sa Pagsakay ng Bisikleta.

Marahil karamihan sa atin ay sumasakay ng bisikleta at sa Tochigi Ken ay maraming aksidente ang nangyayari dahil dito. Kung kaya isinabatas ang “Tochigi Bicycle Ordinance” upang isulong ang ligtas na pagsakay ng bisikleta at upang bigyan ng proteksyon ang mga biktima ng aksidente dulot ng pagsakay nito. Saklaw ang ordinansa na ito ang lahat ng gumagamit ng bisikleta sa Tochigi Ken. Mula sa umpisa ng Hulyo ngayong taon ay magiging mandatory na ang pagkakaroon ng insurance ng bisikleta dahil sa pagdami na mga kaso ng aksidente maging sa buong bansa na kung saan inuutos ang pagbayad ng malaking halaga ng pinsala dulot ng kinasasangkutan aksidente sa pagsakay ng bisikleta.

Dapat ng magkaroon ng insurance ang sinasakyang bisikleta upang managot sa usapang bayarin na dulot ng pinsalang natamo.

Sa pangkalahatan, maaring palagyan ng insurance ang sinasakyang bisikleta sa mga bicycle stores ng lungsod. Pagkatapos itong suriin sa maintenance ay didikitan ito ng TS-mark, palatandaan na ang bisikleta ay mayroon ng insurance. Ang insurance ay may bisa ng isang taon. Ang halaga ng premiums ay depende sa lawig ng saklaw (coverage) ng pinsalang babayaran nito. Ang TS mark ay may asul o pulang kulay. Ang pula ay nagkakahalaga lamang ng 2000¥. Ang limitasyon ng coverage ay nagkakahalaga ng 100 million yen.

Bukod pa rito, ang pagsuot ng helmet at maintenance ng bisikleta ay mandatory na rin.

Humigit kumulang 60% ng mga namamatay sa mga aksidente sa bisikleta ay dahil sa head injuries. Ang lahat ng may edad hindi lamang ang mga bata ay dapat magsuot ng helmet hanggat maari.

Ang mga helmets ay maaring mabili sa mga tindahan ng mga bisikleta, home centers, sporting goods stores at sa mga malalaking pamilihan.

Bilang karagdagan, huwag kailanman magmaneho ng bisikleta habang gumagamit ng cellphones, mag-angkas o humawak ng payong.

### 3. Tungkol sa COVID 19.

Ang bilang ng mga nahawaan ng COVID 19 na unti-unti ng bumaba noong Marso ay muli na namang magsimulang tumaas kamakailan sa buong Japan. Nakakabahala na ang bilang ng kaso ng COVID 19 infections ay lalo pang tataas dahil sa inaasahang paglabas ng maraming tao bilang paghahanda sa mahabang bakasyon sa umpisa ng buwan ng Mayo.

Ang mga hindi pa nakakatanggap ng kanilang pangatlong dosis o booster shot ng bakuna ay nararapat ng magkaroon sa lalong madaling panahon.

Ang pamahalaang lungsod ay nagpapadala na ng vaccination stubs para sa pangatlong dose sa mga may 6 na buwan ng nabakunahan ng una at pangalawang dosis. At ang mga nakatanggap na ng vaccination stubs at nais ng magpabakuna ay dapat ng magpareserve sa lungsod kung gustong sumali sa city group vaccinations o sa mga pagamutan ng lungsod kung indibidwal na magpapabakuna. Ang mga nakatanggap ng pangalawang dose ng vaccination at may vaccination stub na issue sa ibang munisipalidad o ang mga nakatanggap ng vaccination sa ibang bansa ay kailangang mag-apply muli upang padalhan ng ikatlong vaccination stub na isyu ng lungsod.

Bilang karagdagan, sa mga nakawala ng kanilang vaccination stubs ay maaaring isyuhan ng panibago.

Para sa reserbasyon o mga katanungan tungkol sa pagpapabakuna ay mangyaring tumawag sa Tochigi City COVID 19 Vaccination Hotline sa numero 0282-21-2418.